PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 19 JULY 4 - 10, 2022 10.00

# Pagbabahagi mula sa SDO Dasmariñas City??

Naging matagumpay ang isinagawang 2nd Tayo-Tayo Summit ng DepEd Dasmariñas noong Sabado sa Vista Mall Dasmariñas.

Ang Summit ay naglalayong ipakilala sa mga corporate at business industries ang Adopt-a-School Program ng DepEd upang makahikayat pa ng maraming partners para sa 44 na pampublikong paaralan sa lungsod.




Ang bawat pampublikong paaralan ay pinaunlakan ng kani-kanilang inimbitahang prospective private sector partners.

Pinangunahan ng Dasmariñas City Teachers Chorale ang pagsisimula ng programa, na siya namang pormal na binuksan ni Dr. Leticia T. Lopez, SGOD Chief, at sinundan ng mensahe ni Mr. Raymundo M. Cantonjos, OIC - Schools Division Superintendent.

Mas lalo pang pinatingkad ng mga mag-aaral mula sa Francisco E. Barzaga Integrated High School ang pagtitipon sa kanilang natatanging pagtatanghal habang ang AVP na inihanda ni Mr. Ser Voi Cadavedo, ASP ng Vicente P. Villanueva Memorial School ay ipinapalabas.

Mas binigyang diin ni Ms. Maeyeth Cayabyab-Cadungog, CPM, Presidente ng Philippine Marketing Association, ang kahalagahan ng Corporate Social Responsibility sa pagpapaunlad ng kompanya at pagpapalakas ng Human Resources nito, sa plenaryong kanyang pinangunahan.

Samantala, ang Hocheng Philippines Corporation o mas kilala sa brand na HCG ay naging opisyal nang partner ng DepEd Dasmariñas sa pamamagitan ng MOA Signing na isa sa mga highlights ng Summit. Ito ay dinaluhan ni Mr. Eugene Lin, Senior Vice President, Ms. Sharon Rose S. Filardo, Senior Manager, at iba pang kawani ng HCG.

Ang partnership ng HCG at DepEd Dasmariñas ay naglalayong tiyaking maayos ang mga palikuran sa mga paaralan sa lungsod sa mga ipagkakaloob nilang good quality water closet products.

Isa rin sa mga nagbigay kabuluhan sa summit ang relaunching ng Partnerships Hub, ito ay ang website ng DepEd Dasmariñas upang matulungan ang mga paaralan na makahanap ng partners. Matapos ang relaunching na pinangunahan ni Mr. Carlou Adao, IT Officer, ay binigyang pagkilala ang mga tao sa likod nito - Ms. Anne Katherine Cortez, former SEPS-SMNS, at Mr. Carlou Adao, IT Officer.

Sa isang nakaaaliw na paraan ay ipinakilala ni Mark Jayson G. Espinosa, SEPS ng Social Mobilization and Networking Section, ang Adopt-a-school Program. Kanyang ipinaliwanag ang incentives at iba pang benepisyo nito.

Pinangunahan ni Mr. Miguel R. Melendres, EPS II ng SMNS, ang Panata para sa Bata na kasiyasiyang pinaunlakan ng lahat ng dumalo dulot ng isang masaya ngunit nakakainspired na summit.

Ang summit ay nagtapos sa mensahe ni Dr. Gemma G. Cortez, CID Chief, na nagpahayag ng pasasalamat sa lahat ng dumalo sa pagtitipon. Mas pinalalim ng mensahe ni Dr. Cortez ang kahulugan ng pagtitipon.

Bago umuwi ay nagkaroon ng pictorial at ng simpleng tanghalian ang lahat ng heroes na dumalo.

## FOUR DOST CWWTL STAFF PASS DOH CERTIFICATION COURSE FOR DRINKING WATER SAMPLER

Four laboratory staff of the DOST Cavite Water and Wastewater Testing Laboratory (CWWTL) completed the Certification Course for Drinking Water Sampler last 2 June 2022, facilitated online via the Zoom platform.

The Department of Health – National Reference Laboratory (DOH-NRL) conducted the one-day training covering lectures on standards for drinking-water quality, water sampling and evaluation results, and operational standards for water testing laboratories. DOH-NRL likewise tackled the Philippine National Standard for Drinking Water (PNSDW), consistent with the World Health Organization (WHO) frameworks for drinking-water safety. The DOST CWWTL is one of the government water testing laboratories compliant to the policy.

All four staff from the DOST CWWTL namely Ms. Verjo Angelie M. Sisante (Registered Chemist and Laboratory Head), Ms. Joan Mae B. Acacio (Registered Medical Technologists and Laboratory Analyst for Microbiological Testing), Ms. Thea Mary Joyce M. Diloy (Registered Chemical Technician and Laboratory




Analyst for Physico-Chemical Testing) and Mr. Herbert Salas (Laboratory Staff) passed the post-lecture written examination, and were awarded with a Certificate of Proficiency by the DOH-NRL.

DOST CWWTL will continuously demonstrate its commitment in providing highest quality services in microbiological and chemical testing, and maintain its accreditation under PNS-ISO/IEC 17025:2005.



Cavite Vice Governor Athena Tolentino at 8th District Representative Aniela Tolentino, magkasamang nanumpa sa kani-kanilang tungkulin nitong Lunes, Hunyo 27, sa Holy Cross Parish Church (Diocesan Shrine of St. Augustin) sa bayan ng Tanza.

Ang mga naturang larawan ay ibinahagi ng kanilang ama na si Congressman Abraham "Bambol" Tolentino, kung saan makikita ang naging pagdalo ng iba pang lokal na opisyales mula sa lalawigan.

Source/Photos: Abraham "Bambol" Tolentino/FB




ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0936-0582240 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

# 15 tips para iwas kanser




Payo ni Doc Willie Ong


Nakakatakot ang sakit na kanser dahil mahirap itong gamutin. Sa kanser, ang mga selula ng katawan ay bigla na lang nagbabago ng anyo at nagiging masama. Hindi pa alam ng mga doktor ang tunay na sanhi nito.

May kanser sa utak, baga, ilong, atay, bituka, colon, pancreas at balat. Iba't ibang lugar ang pinagmumulan. Ang paniniwala ng mga cancer specialist ay may mga "trigger" o nagpapasimula ng kanser.

Narito ang mga payo ukol sa kanser. Hindi pa tiyak, pero magandang sundin pa rin ito:

1. Iwas sa sigarilyo at alak para makaiwas sa kanser sa baga, atay at tiyan.
2. Iwas sa polusyon at usok ng sasakyan.
3. Iwas sa matitinding sikat ng araw. Gumamit ng sunblock. Puwede kasi itong magdulot ng kanser sa balat.
4. Iwas sa mga sunog na pagkain o "smoked" foods tulad ng mga tinapa at barbeque. Puwede kasing may mga nagdudulot ng kanser dito.
5. Magbawas sa alat tulad ng patis, toyo, bagoong, alamang. Hindi pa ito tiyak, pero ayon sa espesyalista, puwedeng magising ang mga selula natin at maging kanser ang mga ito.
6. Iwas sa mga lamanloob tulad ng bopis, dinuguan, bituka at iba pa. Hindi po ito malinis at baka magdulot ng masama sa katawan.
7. Iwas sa pagkaing kalye. Umiwas sa mga maruruming pagkain sa kalye tulad ng fishball, kwek-kwek at betamax.
8. Magbawas sa pagkain ng "processed meats" tulad ng hotdog, longganisa, sausage, bologna at iba pa.
9. Magbawas sa pritong pagkain.
10. Iwas sa karneng baka at baboy. Tanggalin ang lahat ng taba.
11. Kumain nang maraming gulay at prutas. Puwedeng kumain ng manok paminsan-minsan. Mas mahaba ang buhay ng mga vegetarian.
12. Iwas sa galit, inis at iba pang negatibong emosyon. Naniniwala ako na ang positibong pananaw sa buhay ay makapagpapalakas ng katawan at magpapahaba rin ng inyong buhay.
13. Maging aktibo at mag-exercise palagi.
14. Alamin ang inyong lahi. Kung may lahi kayo ng breast cancer, magpasuri ng suso tuwing ika-anim na buwan. Kung may lahi kayo ng kanser sa tiyan, magpa-ultra-sound o CT Scan ng tiyan.
15. Magpa-check up sa doktor kada anim na buwan. Ikonsulta ang kahit anong nararamdaman. Makatutulong ang doktor para makita ang inyong sakit.

Gawin ninyong misyon ang mabuhay nang malinis, masaya at mahaba. Kung susundin ang mga payo na ito, siguradong hahaba ang inyong buhay.




# EDITORYAL

## Itigil, quarrying sa Marikina Watershed

Wala pang pinapangalanan si president-elect Ferdinand Marcos Jr. na uupong Environment secretary. Maselan ang posisyon na ito sapagkat nakaatang sa balikat ng pinuno ang bigat nang dina-ranas na pagkasira ng mga bundok, watershed at iba pa dahil sa ilegal na pagmimina, quarrying, at iba pang salot sa kapaligiran. Ang pagkasira ng mga bundok ang dahilan ng grabeng baha na nararanasan ngayon. Maraming panot na bundok ang nabibiyak at uma-agos mula rito ang putik at mga bato at inililibing nang buhay ang mga residenteng nasa paanan.

Ganito ang problemang kinakaharap kapag hindi napigilan ang pagmimina, quarrying at resort cons-truction sa Masungi Upper Marikina Watershed sa Baras, Rizal. Kapag hindi ipinatigil ang mga ginaga-wang ilegal na aktibidad sa nasabing protected area, babaha sa Metro Manila. Nakalulunos ang maaring mangyari kapag hindi naputol ang mga ginagawang paghuhukay sa reserve areas. Ang Marikina watershed ay napagkalooban ng proteksiyon sa ilalim ng Republic Act No. 7586 o ang National Integrated Protected Areas System (NIPAS) Act of 1992.

Ang large scale quarrying sa lugar ang labis na pinangangambahan ngayon. Umaabot sa 1,300 ektarya ng watershed protected area ang nasakop na ng quar-rying operations. Kamakailan, ang mga mayor ng Mari-kina, Quezon City, Muntinlupa at Pasig ay na-nawagan sa DENR na kanselahin ang mineral production sharing agreements (MPSA) na inisyu sa quarrying firms, su-balit walang pagkilos ang nasabing tanggapan.

Noong nakaraang Abril, ang Masungi Georeserve Foundation sa Baras ay umapela na kay President Duterte at kay DENR Sec. Jim Sapulna na kanselahin ang MPSA sa Upper Marikina Watershed upang mapi-gilan ang panganib na idudulot ng mga ginagawang aktibidad sa lugar. Ang grupo ng Masungi ang nagpapanatili at nagre-habilitate sa portion ng watershade.

Payo ni Duterte sa Masungi Foundation, sampahan- ng kaso ang mga sumisira sa Marikina Watershed. Ipinag-utos niya ito sa kalihim ng DENR at sa Anti-illegal logging Task Force. Ayon sa Presidente, nangangamba sila sa nangyayaring illegal activities sa watershed.

Bagamat may direktiba na ang presidente, hindi rin kumilos ang DENR at iba pang ahensiya para mapigil ang quarrying operations sa lugar. Ayon sa report "malalaking pulitiko" ang may-ari ng quarrying kaya hindi maipatigil.

Malaking hamon sa bagong DENR secretary ang kalagayan ng Marikina Watershed. Ipatigil ang quarrying bago maging huli ang lahat.

***EDITOR'S NOTE:***
All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER Ph MEMBER
**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher
**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief
**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager
**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## Incoming DOT chief vows to forge stronger links with LGUs

MANILA – Incoming Tourism Secretary Christina Frasco promised to be a "listening secretary" that values the inputs of local government units when creating national policies related to tourism and destinations under their jurisdictions.

In a speech, Frasco underscored the importance of strong coordination between the national government and the LGU as the latter is the one on the ground.

"There is the mandate by the local government code requiring prior coordination between the national and the local government and then there is the reality," she said.

"What I intend to bring to the Department of Tourism is the perspective of valuing the input of local government units in the crafting of national policy, considering that the policies that are crafted nationally will be implemented by the local government units on the ground," she added.


*Incoming Tourism Secretary Christina Frasco (PNA photo by Avito Dalan)*

Frasco visited the DOT Monday morning to meet with its officials and regional directors.

She will join the Cabinet of President-elect Ferdinand Marcos Jr. when the latter assumes office on June 30.

At a press briefing, Frasco said she "plans to work hard" to realize Marcos' vision of expanding countryside development, developing the Philippines's tourist sites, and giving equal opportunities to lesser-known destinations.

"[T]his means giving focus to all regions in the Philippines, including Luzon, Visayas, and Mindanao to replicate best practices in tourism that have already been proven successful in the various regions and to introduce innovations and digitalization where necessary," she said.

Frasco said she would also push with her plans to develop Mindanao as a tourist spot while supporting efforts to achieve peace and order in the region.

"[I will] work with the people of Mindanao to prove to the world that they are fully deserving of the attention that they have so needed and deserve," she said.

She said the DOT with her at the helm would extend necessary assistance and ensure that tourism workers in the region receive appropriate training. (PNA)

## 18M Filipinos suffering from, at risk of fatty liver disease

MANILA – At least 18 million Filipinos are either suffering from or at risk of fatty liver disease, a sickness considered a "silent epidemic."

This is one of the alarming pieces of information presented at the recent online press conference titled "Fatty Liver Facts: What You Need to Know About This Silent Epidemic," organized by the Hepatology Society of the Philippines (HSP).

The "silent epidemic" is called fatty liver disease, which affects millions around the world. It has no symptoms at the early stages, which is why many people are unaware that they have it until it's too late.


"Fatty liver disease is a little-known, potentially fatal condition affecting many people. The public can learn about it by listening to experts," said Dr. Allan Policarpio, president of the Philippine Society of Gastroenterology.

There are two types of non-alcoholic fatty liver disease (NAFLD) -- non-alcoholic fatty liver (NAFL) and its more advanced type, the non-alcoholic steatohepatitis (NASH).

The main characteristic of both is too much fat stored in liver cells. Having small amounts of fat in the liver is normal, but it becomes a problem if more than 5 percent to 10 percent of the liver's weight is fat.

Dr. Edhel S. Tripon of HSP stated that fatty liver is the fastest rising cause of liver cancer and cirrhosis worldwide. "People who are overweight, diabetic, or hypertensive are prone to developing fatty liver," he said.

The Philippines has over 18 million obese and overweight people. They are all susceptible to NAFLD, said Dr. Diana Alcantara-Payawal, president of the Philippine College of Physicians. "Some of them may already have fatty liver disease but are unaware of it," she added.




Tripon stressed the importance of keeping the liver healthy. "The liver is a multitasking hard worker, so it is important to keep this organ as healthy as possible. A healthy liver is fundamental to wellness."

To lower the risk of developing fatty liver disease, HSP vice president Dr. Wendell Z. Espinosa said "we need to raise awareness about how to avoid modifiable risk factors among adolescents and young adults. We need to increase the public awareness about nonalcoholic fatty liver disease, which would likely lead to better prevention, early detection, and treatment of the disorder."

The Hepatology Society of the Philippines is the lead organization in the study and care of liver health and disease among Filipinos. HSP provides research, education, and advocacy on liver health and liver-related diseases. Part of its mission is to share information, services, and expertise with the global community towards the prevention and treatment of liver diseases. (PR)

## GUHIT NG KAPALARAN

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Sa pag-iisip ng magandang paraan sa mga gawain, may mang-aasar, kaya pasensiya ang pairalin. Magiging masaya ang pamilya sa mga binabalak. Matutupad ang pangako. Isang sorpresa ang tatanggapin. Lucky numbers at color for the day ang 4, 17, 22, 30 at pearl.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) May secret admirer ka. May hatid na saya ang damdamin ngayon. May pakinabang ang nilalakad na transaksyon. Lucky numbers at color for the day ang 4, 5, 10, 12 at platinum.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Mapapaunlad ang pakikipag-ugnayang sosyal kung pagsisikapan. Ang tipanan sa pag-ibig ay kailangan ipagpaliban. Lucky numbers at color for the day ang 9, 14, 19, 27 at sun yellow.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Mag-ingat sa labis na pagkain ng matatamis, mamantika at maaalat. Ang pangangailangan ay matutugunan. Lucky numbers at color for the day ang 1, 7, 21, 29 at garnet red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Iiral ang katamaran ngayon. Matutong ma-kibagay at makiisa sa iyong mga kasamahan. New romance ang dara-ting. Lucky numbers at color for the day ang 2, 8, 27, 30 at dollar green.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Kailangan mapaglabanan ang kalituhang nadarama. Huwag magpadalusdalos at magpatangay sa emosyon. Lucky numbers at color for the day ang 5, 6, 11, 27 at fire red.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) May mahigpit na karibal ka sa iyong crush. May malaking pag-asa na ikaw ay magtatagumpay sa iyong career. Lucky numbers at color for the day ang 6, 10, 19, 23 at violet.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Walang dapat panghinayangan sa mga mang-yayrai Dapat ka nang magising ka sa katotohanan. Lucky numbers at olor for the day ang 2, 15, 18, 24 at aquamarine.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Sa isang pagkadulas ng dila, makakasakit ng damdamin ng iba, kaya dapat mag-ingat. Iwasan ang maging mapagpuna. Lucky numbers at color for the day ang 1, 15, 19, 34 at crimson.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Magiging ordinary ang araw mo. Isang matalik na kaibigan ang hihingi ng tulong na dapat 'di pagkaitan. Lucky numbers at color for the day ang 4, 7, 22, 25 at electric blue.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Kung may problema, madaling masosolusyunan. It's time para ibaling ang pansin sa sariling kapakanan. Lucky numbers at color for the day ang 3, 4, 14, 31 at mahogany brown.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) Ang pamamalagi sa tahanan ay magbibigay ng lubos na kasiyahan sa sarili. Ang labis na pagpupuyat ay dapat iwasan. Lucky numbers at color for the day ang 6, 10, 17, 26 at orange.

FamilyMart

# DA chief calls for unified action to address food crisis




Department of Agriculture (DA) Secretary William D. Dar reiterated the importance of organizing farms under the Farm and Fisheries Clustering and Consolidation (F2C2) program during the last day of the DA-F2C2 Island-Wide Cluster Summit for MIMAROPA, CALABARZON, and Bicol Regions on June 24, 2022.

As per the Administrative Order No. 27, s. 2020 signed by Secretary Dar, the F2C2 Program reinforces the country's small farmers and fishers through clustering and consolidation of their production, processing, and marketing activities, as well as the pooling of all forms of available resources, as community business enterprises.

The F2C2 Program, the Secretary explained, is capable of capacitating members, conducting technology transfers, and leveraging the economies of scale to conduct business.

"We are hoping that this social engineering that we are doing-consolidation and clustering-will start the process of collective action," he added.

To further enhance the potentials of the said program, the DA chief called for the following measures:

the increasing of allowed agricultural land ownership to four (4) hectares per individual through legislation;

the creation of the Bureau of Agri-Industry Cooperatives under the DA to promote institutional development of agri-fishery cooperatives and associations;

the Cooperative Development Authority (CDA) to perform more in capacitating and developing the country's agricultural cooperatives and associations;

the local government units (LGUs) to take more initiative in accomplishing the DA's devolved functions; and

the return of the agricultural extension units of local government units back to the DA.

In his message, Secretary Dar called for unified actions to combat the current food crisis, which was compounded by the effects of the COVID-19 pandemic and the Russia-Ukraine crisis.

"Tumataas na lahat ng presyo ng agricultural inputs at lahat ng pagkain. Talagang magbanat-buto po tayo dapat. Let's be one again in saving this country. Let's be one in protecting our farmers. Let's produce as much food as we can during this period of crisis," the DA chief urged.

The Summit, which was held from June 20-24, 2022 at the Queen Margarette Hotel in Lucena City, was attended by 200 representatives from various farmers' cooperatives and associations (FCAs), the academe, the private sector, and local government units from the CALABARZON, MIMAROPA, and Bicol Regions.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 19 JULY 4 - 10, 2022 10.00

# ANARNA, PORMAL NANG NANUMPA BILANG ALKALDE NG SILANG



Nanumpa sa tungkulin si Mayor-elect Alston Kevin Anarna ng Silang, Cavite noong Sabado, Hunyo 25, matapos manalo sa eleksyon na ginanap nitong Mayo 9.

Ang oath-taking ng 37-anyos na opisyal ay pinangasiwaan ni Supreme Justice Associate Justice Mario V. Lopez sa Nuestra Señora de Candelaria Church sa Silang, Cavite.

Dumalo rin sa nasabing aktibidad si Cavite Gov Juanito Victor "Jonvic" Remulla.

Sa kanyang inaugural speech, nagpasalamat si Anarna sa mga Silangueño at nangako sa kanila ng malalaking pagbabago sa pagpapatakbo ng lokal na pamahalaan at sa paghahatid ng serbisyong panlipunan sa mga mamamayan.

"Malaki ang aking pasasalamat sa mga minamahal kong kapwa Silangueño dahil pinayagan nila akong manguna para sa pagbabago dito sa Silang. Ang pagkapanalo ko sa nakaraang halalaan ang isang malakas na mensahe ng aking mga kababayan na gusto nila ng galing, husay, talino at malasakit," aniya.

"Sa ilalim po ng aking pamumuno, wala na pong kulay ang pulitika – walang blue or pink o kung ano pa mang political affiliation. Puti na lang ang kulay natin para walang bias at tayo as iisa. Kaya po pinakikiusapan ko ang ating mga kapitan ng barangay at mga kawani ng lokal na pamahalaan na iwaksi na po natin ang pulitika. Ngayon naman, oras na para magtrabaho at ibalik sa mamamayang Silangueño ang serbisyong publiko na nararapat," dagdag niya.

Kabilang sa mga prayoridad ng kanyang administrasyon ay ang pagpapabuti ng mga serbisyo ng lokal na pamahalaan, lingguhang caravan sa iba't ibang barangay para sa mas madaling pag-access sa mga benepisyong panlipunan at medikal, muling pagpapaunlad ng Silang Public Market, at pagpapabuti ng problema sa pamamahala at pangongolekta ng basura ng munisipyo.



Binisita ni incoming Department of Justice (DOJ) Secretary Boying Remulla ang Bureau of Corrections (BuCor) sa Sablayan Prison and Penal Farm, na matatagpuan sa Occidental Mindoro, nitong Lunes, Hunyo 27.

Sa kaniyang pagbisita ay kinamusta ni Remulla ang mga kawani at opisyal ng nasabing BuCor.

"Kinumusta natin ang mga kawani at opisyal ng Bureau of Corrections (BuCor) sa Sablayan Prison and Penal Farm sa Occidental Mindoro ngayong araw. Inikot na rin namin ang ilang lugar tulad ng Pasugui Sub-Prison - isang tahimik at payak na lugar para sa mga taong nais magbago," aniya.

"Naibahagi rin nila sa akin ang kanilang kasalukuyang palakad at mga plano na nais din nating paigtingin. Kahit malayo sa mahal sa buhay, naramdaman ko ang saya nila dahil sa maayos na samahan at direksyon ng trabaho," dagdag pa niya.

